ERICSSON

Pamamahala sa Trabaho sa Konstruksyon at Civil

Standard

2021-07-05

Mga Nilalaman

1 Panimula 3

2 Mga Kahulugan 3

3 Mga Tungkulin 3

4 Mga Kinakailangan 4

4.1 Pangkalahatan 4

4.2 Pangkaligtasang Plano ng OHS 4

4.3 Simula ng bahagi ng konstruksyon 5

4.4 Pamamahala sa site 5

4.5 Mga kinakailangan at ipinagbabawal 6

5 Personal na Pamprotektang Kagamitan 6

6 Kahusayan ng kalusugan at pagtugon 6

7 Pagtatasa sa panganib at pagpaplano 6

8 Pagmomonitor at pagsusuri 6

9 Mga Rekord 6

10 Pagbabago sa impormasyon 6

© Ericsson AB 2021

Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang impormasyon na nasa dokumentong ito ay pag-aari ng Ericsson at napapailalim sa pagbabago nang walang abiso. Walang inaaakong responsibilidad ang Ericsson para sa mga katumpakan ng o pagkakamali sa mga impormasyon.

1 Panimula

Inilalarawan ng pamantayang ito ang mga kinakailangan para tiyakin na napapangasiwaan nang tama ang mga pangkaligtasang aspeto sa pamamahala sa mga aktibidad sa trabaho sa konstruksiyon at civil para sa anumang Trabaho sa Konstruksiyon.

Dahil sa masalimuot at iba't ibang legal na aspeto, mga lokal na regulasyon sa pagtatayo ng gusali, mga regulasyon at pamantayang civil na nalalapat sa mga aktibidad ng konstruksiyon, tumutuon ang pamantayang ito sa pagpaplano, pagpapatupad at pamamahala sa Occupational Health and Safety (OHS) na mga aspeto lamang.

Bibigyan ng pagsasalaang-alang ang laki at pagiging masalimuot ng mga indibidwal na proyekto.

Malalapat ang lokal na kinakailangan ng batas kapag lampas sa pamantayang ito ang mga lokal na kinakailangan ng batas.

2 Mga Kahulugan

Trabaho sa konstruksyon: ang konstruksyon, alterasyon, conversion, fitting out, pag-commission, renobasyon, pagkukumpuni, upkeep, muling pagdekorasyon, o iba pang pagmimintina (kasama ang paglilinis) ng istruktura, at ang demolisyon o pag-decommission o pag-dismantling dito.

Konstratista: sinumang tao na nagsasagawa ng trade, negosyo o iba pang pagnenegosyo, para man kumita o hindi, na nauugnay sa pagtatrabahong ginagawa o pinapamahalaan; at/o isinaayos para sa sinumang iba pang tao para isagawa o pamahalaan ang trabaho sa konstruksyon sa ilalim ng kanyang pamamahala

.

Signage sa lugar ng konstruksyon: anumang signage na ginamit upang pataasin ang kalamayan sa mga isyu sa kaligtasa sa lugar sa mga manggagawa at miyembro ng publiko. Ito ay maaaring sa anyo ng mga babalang karatula o signage sa trapiko sa daan, bilang halimbawa.

3 Mga Tungkulin

Dapat tiyakin ng Responsable para sa pamumuno sa anumang design, kontrat at pagsasagawa ng Trabaho sa Konstruksyon sa ngalan ng Ericsson na:

- kasama sa proyekto ang mga kinakailangang OHS at pagtatasa sa panganib,
- naikomunika ang Pangkaligtasang Plano ng OHS sa kontratista o anumang iba pang partido na nagsasagawa sa proyekto,

- naitalaga ang isang responsableng tao ng OHS para pamahalaan ang pagpapatupad at pagmomonitor sa Pangkaligtasang Plano ng OHS,

- naiwasto ang hindi nasunod o mga pagbabago sa plano bago simulan ang mga trabaho maliban kung napagkasunduan nang nakasulat, at

- naihinto ang pagtatrabaho nang malaman ang hindi nasunod o mga pagbabago sa plano sa oras ng trabaho maliban king napagkasunduan nang nakasulat.

4 Mga Kinakailangan

4.1 Pangkalahatan

- Walang trabaho sa konstruksyon ang dapat simulan nang wala ang napagkasunduang Pangkaligtasan Plano ng OHS ng lahat ng mahahalagang partido at natupad ang lahat ng lokal na legal na kinakailangan.

- Dapat suriin ang Pangkaligtasang Plano ng OHS sakaling may mahalagang mga pagbabago sa plano ng proyekto.

- Dapat nabigyan ng mga tagubilin sa OHS ang lahat ng manggagawa bago simulan ang trabaho sa lugar.

4.2 Pangkaligtasang Plano ng OHS

Dapat ihanda ang Pangkaligtasang Plano ng OHS tulad ng kinakailangan at kung nalalapat sa naaayong sa lokal na batas.

Dapat kasama sa Pangkaligtasang Plano ng OHS ang mga, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- pangkalahatang paglalarawan sa trabaho at tagal ng proyekto (plano ng proyekto),

- dokumento ng OHS na partikular sa gawain, ibig sabihi, mga pagtatasa sa nalalamang panganib o mga panganib na makatwirang inaasahan, mga hakbang sa pagkontrol, mga kinakailangan sa kahusayan ng kalusugan, mga hakbang sa emergency, pag-uulat sa insidente at mga pamamaraan sa komunikasyon,

- mga kondisyon sa kapaligiran ng site at access sa sasakyan,

- paglalarawan sa mga aktibidad ng proyekto, hal., pagtatrabaho sa matataas na bahagi, paggamit ng mga power tool, atbp.,

- mga tungkulin at responsibilidad na partikular sa proyekto: mga pangalan, pagtatalaga, atbp.,

- mga interface na pagsasaayos sa kinatawan ng Customer,
- mga access control sa site,
- sertipikasyon sa kakayahan ng mga manggagawa hal., katunayan na sertipikasyon sa mga pag-akyat at elektrikal,
- pang-inspeksyon sa OHS ng site,
- mga hakbang sa emergency at mga komunikasyon,
- pagtatalaga ng tungkulin para sa lahat ng manggagawa at mga bisita ng site
- mga pangkaligtasang patakaran at panuntunan sa pagtupad sa site ng Customer,
- mga pasilidad para sa kalinisan at kapakanan,
- mga pangkaligtasang pahayag ng mga supervisor,
- paggamit ng mga permit sa trabaho kung saan naaangkop,
- pagpili sa PPE, uri at pagtatago ng mga rekord,
- paggamit ng portable na elektrikal na kagamitan, planta at sertipikasyon ng kagamitan para sa pag-aangat,
- lokal na legal na mga kinakailangan at pagtupad,
- kasalukuyang mga rekord at update sa Pangkaligtasang Plano ng OHS, at
- pagpapatupad sa Pangkaligtasang Plano ng OHS at pagsubaybay sa pinagkasunduang dalas ng pagsusuri/mga iskedyul ng pag-audit tulad ng ipinahayag sa team ng proyekto.

4.3 Simula ng bahagi ng konstruksyon

Hindi dapat simula ang mga aktibidad sa konstruksyon bago pa maihanda ang Pangkaligtasang Plano ng OHS at sinang-ayunan para sa nauugnay na proyekto.

4.4 Pamamahala sa site

Dapat tiyakin ng itinalagang responsableng tao ang nauugnay na pagtutulungan sa pagitan ng mga kontratista upang bigyang-daan ang bawat partido na makatupad sa naaangkop na mga probisyon na naaayon sa batas at Pangkaligtasang Plano ng OHS.

4.5 Mga kinakailangan at ipinagbabawal

Ang bawat empleyado o kontratista ay dapat:

- sumunod sa mga patakaran ng site,
- kaagad na ipaalam ang anumang impormasyon sa itinalagang (mga) kinatawan tungkol sa mga lumilitaw na panganib sa kanyang mga trabaho at anumang gayong impormasyon na pinaniniwalaang maaaring makaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng empleyado/kontratista,
- iulat ang lahat ng insidente gamit ang mga nakapagsunduang hakbang, at
- huwag simulam ang trabaho maliban kung ganap na nauunawan ang Pangkaligtasang Plano ng OHS.

5 Personal na Pamprotektang Kagamitan

Kasama sa Pangkaligtasang Plano ng OHS.

6 Kahusayan ng kalusugan at pagtugon

Kasama sa Pangkaligtasang Plano ng OHS.

7 Pagtatasa sa panganib at pagpaplano

Kasama sa Pangkaligtasang Plano ng OHS.

8 Pagmomonitor at pagsusuri

Dapat i-update at suriin ang Pangkaligtasang Plano ng OHS sa oras ng at pagkatapos makumpleto ang proyekto at isumite sa responsableng (mga) manager.

9 Mga Rekord

Dapat itago ang lahat ng rekord alinsunod sa mga kinakailangan ng Pangkaligtasang Plano ng OHS.

10 Pagbabago sa impormasyon

1 Na-update ang mga kahulugan

2 Nilinaw ang mga tungkulin